



# ANG MANGINGISDANG DI MAKUNTENTO

Noong unang panahon, may isang matangkad na matandang mangingisda. Kapag umuulan, nagkukulong lang siya sa loob ng bahay. Lumalabas lamang siya pagkatapos ng napakahabang pag-ulan. Suot niya lagi ang kanyang lumang kapote, lagi rin niyang dala-dala ang napakahabang lambat at lalagyan.

Isang araw, habang patungo sa ilog, tinanong ang sarili.

“Bakit kaya ako binigyan ng Diyos ng mahabang binti? Dahil kaya para madali akong makatawid?”

Pagdating niya sa ilog, nagsimula na siyang manghuli ng mga isda. Matagal-tagal din siyang nanghuli.

Sa tuwing nakakahuli siya ng maliit na isda, inihahagis niya ito pabalik sa tubig at tinanong ulit ang sarili.

“Bakit kaya hindi malalaki at mahahabang isda ang ginawa ng Diyos?”

Pagkatapos niyang manghuli ng napakaraming isda,



umupo siya sa lilim ng punong-kahoy. Binuksan ang kanyang lalagyan at pinagsama-sama niya ang magkakatulad na isda.

Habang ginagawa ito, may taong dumating at umupo sa tabi niya. Napakaliit ng tao. Nagulat siya at biglang nagalit.

“Ikaw liit, bakit ka nandito? “Bakit hindi ka ginawa ng Diyos na matangkad?” pasigaw na tanong niya.

Tiningnan siya ng maliit na tao at mahinang sinabi.

“Kuntento naman ako sa ibinigay sa akin ng Diyos.”

“Ha! Kung ako ang Diyos, lahat ng bagay sa mundo ay gagawin kong malaki at mahaba”, nayayamot na sagot ng matandang mangingisda.

Maya-maya, pagkatapos niyang nagsalita, nakaramdam siya ng kakaiba sa kanyang sarili.

Pagtingin niya, may tumubong mga balahibo sa buo niyang katawan. Ang kanyang mga braso ay nagiging pakpak at humaba nang humaba ang kanyang mga binti at leeg. Siya ay naging isang tagak.

Ngayon, makikita siyang pagala-gala sa mga pilapil at sa dalampasigan. Naghahanap ng maliliit na isda, palaka



at mga insekto.

“Kung sana nagpasalamat ako sa mga bagay-bagay na ipinagkaloob ng Diyos sa akin at maging sa iba, hindi sana ako naing ganito,” nagsisising wika ng tagak.